Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Enero 20, 2026
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Clean HEET Program ng Distrito ng Hangin, tumatanggap na ngayon ng mga aplikasyon

Mga incentive, available sa lahat ng may-ari ng bahay sa Bay Area na magpapalit sa kanilang mga device na gumagamit ng kahoy ng mga de-kuryenteng heat pump

SAN FRANCISCO – Ang Programang Clean at Efficient na Heating sa Tulong ng Electric Technology (Clean Heating Efficiently with Electric Technology) ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ay tumatanggap na ngayon ng mga aplikasyon para sa mga grant na makakatulong na i-offset ang gastusin sa paglipat mula sa mga kalan na gumagamit ng kahoy o pellet, fireplace insert, o open-hearth fireplace patungo sa isang de-kuryenteng heat pump. May available ding opsyon na para lang sa pag-decommission para alisin ng mga may-ari ng bahay ang kanilang mga dati nang open-hearth fireplace, o mga mas luma at hindi sertipikadong kalan o insert na gumagamit ng kahoy. Ang paglipat sa de-kuryenteng heat pump ay makakatulong sa pagpapaganda sa kalidad ng hangin sa mga komunidad dahil mapapalitan ng mga mas clean na opsyon sa heating ang mga device na gumagamit ng kahoy at nagdudulot ng polusyon.

"Ang usok mula sa kahoy ay isa sa pinakamalalaking pinagmumulan ng polusyong dulot ng pinong particulate sa ating rehiyon, at mayroon itong aktwal na epekto sa kalusugan ng mga residente ng Bay Area," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Ang programang ito ay tutulong sa mga may-ari ng bahay na palitan o alisin ang kanilang mga mas luma nang device na gumagamit ng kahoy at nagdudulot ng polusyon, na lubos na makakabawas sa mga mapaminsalang emission at maghahatid ng pinagandang kalidad ng hangin sa mga komunidad sa Bay Area na pinakanangangailangan nito."

Available ang pondo para sa Clean HEET Program sa first come, first served basis. Ang mga indibidwal na award para palitan o alisin ang mga dati nang device na gumagamit ng kahoy para sa heating ay mula $1,000 hanggang $10,500. Kwalipikado ang lahat ng may-ari ng bahay sa Bay Area na mag-apply. **Ang programa ay hindi nagbibigay ng reimbursement para sa trabahong nagawa na.**

Ang deadline para mag-apply ay 5 p.m. PDT sa Hulyo 14, 2026.

Commented [MI1]: Can you triple check this range is correct? I noticed our July 2025 release said $10.5K but the March 2025 release uses $13.5K. @Adam Shapiro

Commented [AS2R1]: Both are technically correct. $10.5k is the max for one wood-burning device and $13.5k is the max if they have a second device. I updated it to show the range in funding but we can definitely keep it at $10.5k if that is less confusing.

Ang mga heat pump ay isang clean at matipid na alternatibo sa mga device na gumagamit ng kahoy. Tulad ng refrigerator, para mapainit ang bahay, gumagamit ang mga heat pump ng kuryente para ma-transfer ang heat mula sa hangin sa labas. Kayang palamigin ng karamihan ng mga heat pump ang isang bahay sa pamamagitan ng reverse na operasyon, na nag-aalis ng heat sa loob ng bahay.

Ang Clean HEET Program ay pinopondohan ng Targeted Airshed Grant Program, o TAG, ng Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng U.S. na nagbibigay ng mga grant para mapaganda ang kalidad ng hangin sa buong bansa, nang pinagtutuunan ang pagbabawas ng $PM_{2.5}$ o pinong particulate matter o ambient air concentration, kung saan tinatapatan ng Distrito ng Hangin ang pondo.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa: www.baaqmd.gov/WoodSmokeGrant o makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa woodsmokegrants@baaqmd.gov o (415) 749-5195 para sa higit pang detalye.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa proteksyon ng kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X, Facebook, Instagram, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | News Releases